

THE UNIVERSAL HOUSE OF JUSTICE

Naw-Ruz 177

To the Bahá'ís of the World

Dearly loved Friends,

We feel compelled by current events to write to you at this time and not wait until Ridván. As you will be all too aware, over recent weeks and months, an apprehensive world has been coming to terms with a rapidly evolving health crisis affecting the people in many countries, the consequences of which for society cannot yet be estimated with any certainty. We are sure that you, like us, have felt great concern for the well-being of humanity, especially for those who are most vulnerable. Seldom has it been more evident that society's collective strength is dependent on the unity it can manifest in action, from the international stage to the grassroots, and we know that you are giving your support to the essential efforts being made in this regard to protect the health and welfare of all.

Inevitably, the current situation will have an impact on the administration of the Cause of God in many places, and in every case the relevant National Spiritual Assembly will advise on the appropriate measures to be taken. In some countries this will include cancelling National Convention, with arrangements being made for the National

Sa mga Bahá'í ng Daigdig

Minamahal na mga Kaibigan,

Dahil sa kasalukuyang mga pangyayari, napipilitan kaming sumulat sa inyo sa panahong ito at hindi na hintayin pa ang Ridván. Tulad ng inyong mahusay na nababatid, sa loob ng nakaraang ilang mga linggo at mga buwan, sinisikap ng balisang daigdig ang unawain at harapin ang isang mabilis na nagbabagong krisis sa kalusugan na apektado ang mga tao sa maraming mga bansa, at ang mga ibubunga nito para sa lipunan ay hindi pa matantiya nang may anumang katiyakan. Nakatitiyak kami na kayo, katulad din namin, ay nakadarama ng malaking pagmamalasakit sa mabuting kalagayan ng sangkatauhan, lalo na para doon sa mga nasa higit na panganib. Bihira lang na naging mas malinaw pa ang pinagsamang lakas ng lipunan ay nakasalalay sa pagkakaisang maipapakita nito sa pagkilos, mula sa larangang pandaigdig hanggang sa mismong masa, at alam namin na ibinibigay ninyo ang inyong suporta sa kinakailangang mga pagsisikap na isinasagawa kaugnay nito upang mapangalagaan ang kalusugan at mabuting kalagayan ng lahat.

Di-maiiwasang magkaroon ng epekto ang kasalukuyang sitwasyon sa pangangasiwa ng Kapakanan ng Diyos sa maraming mga lugar, at sa bawat kalagayan ang nauukol sa National Spiritual Assembly ay magbibigay ng patnubay para sa angkop na mga hakbang na dapat isagawa. Sa ilang mga bansa ay kabilang na rito ang pagkansela ng National Convention, kaakibat ang

Assembly to be elected by other means. Similar arrangements might also need to be made, in certain places, for the election of Local Spiritual Assemblies. However, in circumstances where even this proves unfeasible, it would be permissible this year for the existing membership of a Local or National Assembly to continue on into the next administrative year. Naturally, any National Assembly giving thought to approving such a step will seek the advice of the Counsellors at an early stage.

At a time of another crisis, 'Abdu'l-Bahá offered these words of counsel: "In a day such as this, when the tempests of trials and tribulations have encompassed the world, and fear and trembling have agitated the planet, ye must rise above the horizon of firmness and steadfastness with illumined faces and radiant brows in such wise that, God willing, the gloom of fear and consternation may be entirely obliterated, and the light of assurance may dawn above the manifest horizon and shine resplendently." The world stands more and more in need of the hope and the strength of spirit that faith imparts. Beloved friends, you have of course long been occupied with the work of nurturing within groups of souls precisely the attributes that are required at this time: unity and fellow feeling, knowledge and understanding, a spirit of collective worship and common endeavour. Indeed, we have been struck by how efforts to reinforce these attributes have made communities especially resilient, even when faced with conditions that have necessarily limited their activities. Though having to adapt to new circumstances, the believers have used creative means to strengthen bonds of friendship, and to foster among themselves and those known to them spiritual consciousness and qualities of tranquillity, confidence, and reliance on God. The elevated conversations that have occurred as a result, whether remotely or in person, have been a source of comfort and inspiration to

mga hakbang upang maihalal ang National Assembly sa ibang mga paraan. Maaaring kailangan ding gumawa ng kahalintulad na mga hakbang, sa ilang mga lugar, para sa halalan ng mga Local Spiritual Assembly. Gayumpaman, kung dahil sa mga kalagayan ay hindi magiging posible ang kahit na ito, pahihintulutan para sa taong ito na magpatuloy ang kasalukuyang mga miyembro ng isang Local o National Assembly hanggang sa kasunod na taong pampangasiwaan. Natural, na kung iniisip ng alinmang National Assembly ang pagpapatibay ng ganitong hakbang, hihingiin nila ang payo ng mga Counsellor sa lalong madaling panahon.

Sa panahon ng iba pang krisis, ibinigay ni 'Abdu'l-Bahá itong mga salita ng payo: "Sa araw na katulad nito, kung kailan ang mga bagyo ng pagsubok at pahirap ay sumasaklaw sa daigdig, at ang takot at panginginig ay gumugulo sa planeta, dapat kayong sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng pagiging matibay at matatag, taglay ang nanliliwanag na mga mukha at nagniningning na mga noo, sa ganoong gawi na, harinawang ipagkaloob ng Diyos, ang kapanglawan ng takot at pangingilabot ay ganap na mapapawi, at ang liwanag ng katiyakan ay mamimitak sa itaas ng hayag na sugpungang-guhit at sisinag nang marikit." Ang daigdig ay nangangailangan ng higit at higit pang pag-asa at ng lakas ng espiritu na ipinagkaloob ng pananalig. Minamahal na mga kaibigan, kayo mangyari pa ay matagal nang abala sa gawain ng pag-aaruga sa mga grupo ng mga kaluluwa ng mismong mga katangiang kinakailangan sa panahong ito: pagkakaisa at pakikipagkapwa, kaalaman at pag-unawa, ang diwa ng sama-samang pagsamba at pagsisikap para sa lahat. Sa katunayan, kapansin-pansin sa amin na ang mga pagsisikap upang palakasin ang ganitong mga katangian ay ginawang maging madaling makabangon ang mga pamayanan, kahit na nahaharap sa mga kalagayang pumipigil sa kanilang mga gawain. Kahit na kailangang makibagay sa bagong mga kalagayan, ginagamit ng mga mananampalataya ang mapaglikhang mga paraan upang palakasin ang mga bigkis ng pakikipagkaibigan, at upang payabungin sa kanila at sa kanilang mga kakilala ang kabatirang espiritwal at ang mga katangian ng katiwasayan,

many. Such efforts on your part provide a valuable service at this hour when many souls are perplexed and dismayed, unsure of what will be. However difficult matters are at present, and however close to the limits of their endurance some sections of societies are brought, humanity will ultimately pass through this ordeal, and it will emerge on the other side with greater insight and with a deeper appreciation of its inherent oneness and interdependence.

This is not the moment in which to describe in any detail the accomplishments of the Bahá'í world over the past year, or the extraordinary progress made in multiplying community-building activities worldwide and strengthening programmes of growth, work which continues in earnest wherever circumstances permit. Suffice it to say that, four years into the current Plan, the tireless supporters of the Cause have brought the Faith of Bahá'u'lláh to the strongest position in which it has ever been in its history. Everything you have done and are now doing is preparing the global Bahá'í community for the next stage in the unfoldment of the Divine Plan.

For now, our thoughts and our prayers are focused on the health and well-being of all the friends of God and all those among whom you dwell. We pray earnestly, also, for the Almighty to bestow upon you assurance, stamina, and staunch spirits. May your minds be ever bent upon the needs of the communities to which you belong, the condition of the societies in which you live, and the welfare of the entire family of humanity, to whom you are all brothers and sisters. And in your quiet moments, when no

lakas-loob, at pag-asa sa Diyos. Ang mataas na uri ng mga usapang nagaganap bunga nito, nang malayuan man o personal, ay pinagmumulan ng aliw at inspirasyon sa marami. Ang ganoong mga pagsisikap mula sa inyo ay nagbibigay ng isang mahalagang paglilingkod sa panahong ito kung kailan ang maraming mga kaluluwa ay natutuliro at nasisiraan ng loob, di-nakatitiyak sa kung ano ang magaganap. Gaanuman kahirap ng kasalukuyang mga kalagayan, at gaanuman kalapit ang pag-abot sa sukduhan ng pagtititiis ang ilang mga bahagi ng lipunan, sa wakas ang sangkatauhan ay makalalampas din sa pagsubok na ito, at lalabas sa kabila nito taglay ang higit na malalim na pag-unawa at higit na malaking pagpapahalaga sa likas nitong kaisahan at pagkaka-ugnay-ugnay.

Hindi ito ang panahon upang ilarawan sa anumang detalye ang mga tagumpay ng sandaigdigang Bahá'í sa nakaraang taon, o ng bukod-tanging pagsulong sa pagpaparami ng mga gawaing pagtatatag ng pamayanan sa buong daigdig at sa pagpapalakas sa mga programa ng paglaki, na mga gawaing nagpapatuloy nang dibdiban saanman ipinahihintulot ng mga kalagayan. Sapat na ang sabihin, sa ika-apat na taon ng kasalukuyang Plano, na ang walang kapagurang mga tumatangkilik sa Kapakanan ay inihatid ang Pananampalataya ni Bahá'u'lláh sa pinakamalakas na kalagayang nakamtan na nito sa buong kasaysayan. Ang lahat ng inyong ginawa at kasalukuyang ginagawa ay naghahanda sa pandaigdigang pamayanang Bahá'í para sa kasunod na yugto ng pamumukadkad ng Banal na Plano.

Sa ngayon, ang aming mga isipan at ang aming mga dalangin ay nakatutok sa kalusugan at mabuting kalagayan ng lahat ng mga kaibigan ng Diyos at sa lahat ng inyong mga kasama kung saan kayo nananahan. Taimtim din kaming nananalangin ipagkaloob nawa sa inyo ng Lubos na Makapangyarihan ang katiyakan, lakas, at matatag na mga espiritu. Nawa'y ang inyong mga kaisipan ay laging nakatutok sa mga pangangailangan ng mga pamayanang inyong kinabibilangan, sa kalagayan ng mga lipunang kinabubuhayan ninyo, at sa mabuting kalagayan

course of action other than prayer seems possible, then we invite you to add your supplications to our own and ardently pray for the relief of suffering. We turn to these words of 'Abdu'l-Baha, Whose whole existence was an example of selfless commitment to the well-being of others:

O Thou Provider! Assist Thou these noble friends to win Thy good pleasure, and make them well-wishers of stranger and friend alike. Bring them into the world that abideth forever; grant them a portion of heavenly grace; cause them to be true Baha'is, sincerely of God; save them from outward semblances, and establish them firmly in the truth. Make them signs and tokens of the Kingdom, luminous stars above the horizons of this nether life. Make them to be a comfort and a solace to humankind and servants to the peace of the world.

ng buong pamilya ng sangkatauhan, na kayong lahat ay mga kapatid nila. At sa mga sandali ng inyong pananahimik, kapag waring wala nang ibang magagawa maliban sa magdasal, inaanyayahan namin kayong idagdag ang inyong mga panalangin sa amin at marubdob na ipagdasal ang pagpawi sa pagdurusa. Bumaling tayo sa mga salitang ito ni 'Abdu'l-Bahá, na ang Kaniyang buong buhay ay isang halimbawa ng walang bahid ng pagkamakasaring pagtatalaga sa mabuting kalagayan ng mga iba:

O Ikaw na Nagkakaloob! Tulungan ang marangal na mga kaibigang ito na makamtan ang Iyong mabuting kasiyahan, at gawin silang mga tagahangad ng kabutihan sa kapuwa di-kilala at kaibigan. Papisukin sila sa daigdig na nananatili nang magpakailanman; pagkalooban sila ng bahagi ng makalangit na pagpapala; gawin silang mga tunay na Bahá'í, tunay na maka-Diyos; ilitas sila sa panlabas na mga anyo, at matibay na itatag sila sa katotohanan. Gawin silang mga sagisag at palatandaan ng Kaharian, nagniningning na mga bituin sa itaas ng supungang-guhit ng buhay na ito sa ibaba. Gawin silang kaginhawaan at kaaliwan para sa sangkatauhan at mga tagapaglingkod para sa kapayapaan ng daigdig.

[signed: The Universal House of Justice]